# 1

Malapit na namang mawalan ng kuryente pero nakaupo pa rin si Simon Hidalgo sa baybay-dagat ng Apo Island, nakatingin sa kadiliman ng gabi. Alas seis hanggang alas nueve lang ng gabi ang kuryente roon kaya sa mga oras na iyon, kabi-kabila ang malalakas na awitin mula sa mga videoke machines na siyang pinakasikat yatang libangan ng mga residente ng isla.

Walang hilig sa pagkanta si Simon kaya gabi-gabi siyang tumatanggi kapag inaalok ng mikropono ng mga *The Voice of the Philippines* aspirants. Alam din ng binata na ginagawa lang iyon ng mga ito dahil sa pagiging magalang at hindi dahil sa gusto nilang marinig siyang kumanta. Hinala niya, kaya siya ang gustong alukin ng mga ito ng mic ay dahil siguradong tatanggi siya.

*Sayang din ang isang kanta 'ba*.

Iyon ang gusto niya sa isla. Lampas isang buwan pa lang siya rito mula nang ma-reassign. Miyembro siya ng *Special Action Force* ng *Philippine National Police* at naka-assign sa Maguindanao nang masugatan sa isang enkwentro sa Datu Unsay ilang buwan pa lang ang nakakalipas. Ang temporary re-assignment na ito ay katumbas ng forced leave niya mula sa *PNP*. Masyado siyang well-trained at magaling para tuluyang alisin sa hanay ng mga kapulisan dahil sa kondisyon niya, pero hindi pa siya 100% na handa para sa active duty.

Iyon ang dahilan kung bakit pinauwi muna siya ng mga pinuno nila sa Dumaguete. Pagdating doon, agad siyang pinadala rito sa Apo Island para maging isa sa dadalawang pulis sa isla.

Noong una, halos mabaliw siya sa boredom. Isang *SAF* officer na galing sa gitna ng giyera ay naging pulis sa isang islang humigit-kumulang isang libo lang ang mga residente at tatlong oras lang sa isang araw ang kuryente?

Gayunpaman, nagawa ni Simon na lubusang maipatanggap sa sarili ang bagong assignment. Oo, walang masyadong nangyayari bukod sa minsang girian at alitan ng mga magkakapit-bahay, ang laging nawawalang manok ni Mang Isko o si Mang Enteng na linggo-linggong nagwawala kapag napasobra ang inom, pero nakuha nang i-appreciate ni Simon ang tahimik na buhay sa isla. At least doon, hindi niya kailangang matulog nang naka-full battle gear.

Sa katunayan, inilalabas lang niya ang rifle niya para linisin. Kahit nga hindi niya dalhin ang handgun niya sa opisinang inilaan para sa kanila ng subordinate-slash-partner niyang si Natasha, wala siyang magiging problema.

Hindi man exciting sa isla, kuntento naman siya. Hindi na nga niya napapansin na kumikirot ang balakang niyang tinamaan ng balang nakasugat sa kanya. Nakakatakbo na siyang muli nang mabilis at maayos, at may bago pang exercise regimen dahil araw-araw siyang nakakalangoy.

“Simon,” tawag ng isang tinig at nilingon niya

si Natasha. Matangkad ang partner niya at isang magandang babae. Hindi siya nandi-discriminate pagdating sa hitsura, pero hindi mukhang pulis si Nat. Mukha itong pang-*Miss Philippines*. *Miss Universe* pa nga, kung tutuusin.

Mas bata ito sa kanya at mas mababa ang rango. Noong una, tinutukso silang dalawa ng mga residente na baka sila raw ang magkatuluyan pero wala silang balak magsimula ng love affair.

Una, hindi siya nakikipag-date sa mga subordinates. Ikalawa, kagagaling lang ni Nat sa isang bad break-up at wala ring balak makipagrelasyon sa kahit na sino.

Masasabing magkaibigan sila.

"Hinahanap ka na ni Nanay Lottie," ani Natasha nang huminto malapit sa kinauupuan niya. Iniabot din nito sa kanya ang isang flashlight. Malapit na kasing pataying muli ang generator. "Lalamig daw 'yung ulam mo."

Napangiti si Simon. "Para namang hindi sanay si Nanay na gabi na ako kumakain."

"Di ko nga alam kung bakit," nakangiti na ring saad ng babae. "Nga pala, pupunta akong Dumaguete bukas. May ipapabili ka ba, ipag-uutos? Dadaan ako sa restaurant ng tita mo."

Lumawak ang ngiti ni Simon. Family business ang restaurant na *Hidalgo's*. Tiyahin niya ang kasalukuyang nagpapatakbo niyon. Nang umalis siya ng Dumaguete para mag-aral sa *PNPA*, ang adobo nito ang pinakana-miss niya.

"Ikumusta mo ako sa kanila," nakangising sagot

niya. “Saka ibili mo ako ng tatlong order ng adobo.”

Natawa si Natasha bago pabirong sumaludo. “Sabi mo, Sir, eh.”

Sabay silang muling tumingin sa dagat. Kumunot ang noo ni Simon nang may mamataang lumulutang sa tubig. Isa pa iyon sa mga problema niya, ang mga walang-pakundangang turista na basta-basta na lang kung magtapon ng basura sa dagat.

Pumalatak siya at tumayo. “May nagtapon na naman ng basura.”

Dinampot niya ang flashlight at binuhay iyon. Itinutok niya iyon sa parte ng dagat na kinakitaan niya ng lumulutang na kulay orange na plastic. Kailangan niyang kunin iyon. Baka may pagong na lumapit doon at mabitag…

Naningkit si Simon bago namilog ang kanyang mga mata. Nagsimula siyang tumakbo.

Hindi niya naramdaman ang talas ng mga bato sa ilalim ng kanyang mga paa o ang lamig ng tubig nang humangos siya patungo sa dagat. Alam niyang kasunod niya si Natasha. Nakita na rin nito ang lumulutang na kulay orange na bagay at nakatuon doon ang sinag ng flashlight na hawak na nito.

Nang lampas-baywang na ni Simon ang tubig, nag-dive na siya at nagsimulang lumangoy. Mabilis ang tibok ng kanyang puso at namimintig ang mga muscles niya. At nang maabot niya ang babaeng nakasuot ng kulay orange na life vest, huminto ang puso niya sa takot dahil nakadapa ito at nasa tubig ang mukha.

Agad itong itinihaya ni Simon. Hinawakan niya ang

life vest at hinila ang babae pabalik sa pampang.

Noon namatay lahat ng ilaw sa isla at huminto ang lahat ng ingay.

Ginamit niyang guide ang ilaw ng flashlight ni Natasha sa beach. At nang madama niyang bumangga sa bato ang kanyang paa nang sumipa siya, itinukod na niya iyon nang makatayo siya at hinila ang babae sa kanyang mga bisig. Hindi alintana ang matatalas na bato sa ilalim ng tubig, tumakbo siya papunta sa buhanginan at inihiga roon ang sinagip niya.

Ibinaba na ni Natasha ang flashlight sa isang mataas na bato at pinagtulungan nilang alisin ang life vest ng babae. Idinikit ni Simon ang tainga sa dibdib nito at nagpasalamat sa tibok ng puso na kanyang narinig. Gayunpaman, hindi ito humihinga.

"Nat, tawagin mo si Tatay Ambo. Kailangan natin siyang dalhin sa ospital!"

Agad na tumakbo si Natasha. Pinisil ni Simon ang ilong ng babae at ibinuka ang bibig nito. Nag-perform siya ng CPR. Ilang ulit niyang pinuno ng sariling hininga ang baga ng babae at diniinan ang dibdib nito. Nang muli siyang tumungo para i-mouth-to-mouth ito, nagsimula itong umubo.

Saka lang nakahinga nang maluwag si Simon. Pinatagilid niya ang babae habang isinusuka nito ang nainom na tubig-dagat.

"Sige lang, Miss," sabi niya habang hinahagod ang likod nito. "Iubo mo lang. Ligtas ka na."

Muli itong nahiga at nagsimula itong manginig. Sa ilaw ng flashlight, nakita ni Simon ang takot sa mga

mata nito.

Pinilit niyang ngumiti at hinaplos ang basa nitong buhok at pisngi kahit nanginginig ang mga kamay niya.

"Okay ka na, Miss. Ligtas ka na. Dadalhin ka lang namin sa ospital."

"Huwag!" sabi nito na garalgal at nangangatal ang tinig. "Huwag, please. Mahahanap nila ako. Papatayin nila ako! Huwag. Parang awa mo na." Puno ng takot ang mga mata nito at agad na nabuhay ang protective instincts ni Simon.

Noon din, alam niyang gagawin niya ang lahat para protektahan ang babaeng ito.

"Please," bulong nito na mahigpit na hawak ang kanyang kamay na nakadantay sa pisngi nito. "Please."

"Sige, hindi na," sabi niya. "Pero dadalhin kita sa bahay."

Tumango nang minsan ang babae bago tumirik ang mga mata nito at muling nawalan ng malay.

Nag-angat ng ulo si Simon nang mamataan ang tatlong taong tumatakbo palapit sa kanila. Sumusunod kay Nat si Tatay Ambo, ang matangkad at payat na mangingisda na nagmamay-ari ng paupahang bahay na tinutuluyan nina Simon at Natasha, at ang maliit at bilugang asawa nito na si Nanay Lottie.

"Susmaryosep, ano'ng nangyari?" bulalas ng matandang babae nang makalapit. Agad itong lumuhod sa buhanginan sa tabi ng babae.

"May iba ba kayong sinabihan na may nangyari dito sa beach?" tanong niya.

"Wala," sabi ni Nat. "Wala kaming nakasalubong.

Silang dalawa lang ang tinawag ko."

Binalingan ni Simon ang mag-asawa. "Mukhang may humahabol sa kanya," paliwanag niya. "May papatay raw sa kanya. Hindi ko alam ang buong kuwento pero hangga't maaari, puwede po bang isikreto muna natin na nakita natin siya?"

"Eh, kung ibabalik natin siya sa bahay, malamang may makakakita sa 'tin," sabi ni Tatay Ambo na nakatungo na rin sa babae, nakatuon sa mga tuhod ang mga palad. "Dalhin na lang natin sa kubo. Wala naman na sigurong pababa sa burol ngayon."

Nasa kalagitnaan ng burol ang kubong sinasabi ni Tatay Ambo, nasa landas paakyat sa pamosong lighthouse ng Apo Island. Isolated iyon at madalang paupahan ng mag-asawa, kapag gusto halimbawa ng katahimikan at privacy ng turista.

"Sige po. Pakikuha na lang po ng mga gamit, kumot, unan, tuwalya… 'yung mga kakailanganin po niya," pakiusap ni Simon bago pinangko ang babae.

"Mauna na kayo d'un," sabi ni Tatay Ambo. "Uuwi muna ako para kunin ang susi."

"Ako na'ng bahala sa mga gamit," ani Nanay Lottie na mukhang alalang-alala para sa babae. "Hintayin n'yo na lang kami d'un."

Nagmamadaling umuwi ng bahay ang mag-asawa, habang si Nat ang nag-ilaw ng landas para kay Simon paakyat ng burol. Awa ng Diyos, wala nga silang nakasalubong sa trail. Walang kahit sino ang noon pa lang bumababa galing sa lighthouse.

Nang marating nila ang kubo, naghintay sila saglit

sa silong hanggang sa humahangos na dumating ang mag-asawa. Dala-dala ni Tatay Ambo ang isang rechargeable lamp at mga kumot, habang unan, mga tuwalya at isang thermos ng mainit na tubig naman ang dala ni Nanay Lottie. Agad binuksan ni Tatay Ambo ang pinto at pumasok sila.

"Sigurado ka bang hindi natin siya kailangang dalhin sa ospital?" tanong ni Nanay Lottie nang ibaba ni Simon ang walang-malay na babae sa papag.

Sa totoo lang, hindi siya sigurado. May basic training siya sa pagliligtas ng nalulunod at CPR, pero basic first aid lang iyon. Madalas, idinideretcho sa pinakamalapit na ospital ang biktima ng pagkalunod.

"Mukha naman pong ayos lang siya," sabi niya. "Malinaw ko po siyang nakausap kanina. Takot na takot lang siya. Kaya nga mas mainam siguro kung itago na lang po muna natin siya hanggang sa makausap natin siya nang matino."

"Ano ba ang nangyari?" tanong ni Tatay Ambo.

Ikinuwento ni Simon ang mula sa pagkakita niya sa lumulutang na kulay orange na bagay na akala niya ay isang bag ng basura. Kasabay niyon ay pinanonood niyang punasan ni Nanay Lottie ng bimpong piniga sa maligamgam na tubig ang mukha, leeg at mga braso ng babae.

"Simon," tawag ni Nat.

Lumapit si Simon sa kama. Nakaluhod sa tabi ng papag ang kanyang partner at inunat nito ang braso ng walang-malay na babae. May ilang mga marka sa balat ng huli.

Nag-angat ng mga mata si Natasha. “Needle marks.”

“Ano’ng ibig sabihin niyan?” tanong ni Nanay Lottie.

Hindi sumagot si Simon. Isa lang ang ibig sabihin niyon, na gumamit o gumagamit ng droga ang babae. Ang kailangan lang nilang hintayin ay ang magising ito para itanong kung boluntaryo ba o sapilitan ang paggamit nito.

# 2

Dalawang araw na nagdedeliryo sa lagnat si Ava. Nagigising siyang hindi alam kung nasaan siya. Hindi siya makatakas sa mga bangungot. Ang paggalaw ng yate sa ilalim niya, ang pagkahilong dala ng drogang itinuturok sa sistema niya, ang takot sa mga dumukot sa kanya at ang pangamba sa lamig, sa dilim at sa bangis ng dagat. Idagdag pa ang kawalang-pag-asa na nadama niya nang makitang nawala sa harapan mismo ng kanyang mga mata ang islang pinipilit niyang marating.

Minsan, nagigising si Ava na may isang guwapo at makisig na lalaking nag-aalaga sa kanya, handang punasan ang noo niya o bigyan siya ng tubig o sabaw na maiinom. Minsan isang magandang babae naman. Minsan isang matandang babae. Kinakausap siya ng mga ito pero madalas hindi niya naiintindihan ang mga sinasabi. Ang naiintindihan lang niya ay ang panghihina niya.

Nang muling magising si Ava, madilim ang paligid at tahimik. Isang kulay kahel na liwanag mula sa isang maliit na kandila lang ang ilaw sa kinaroroonan niya. Nanghihina pa rin siya pero parang mas maganda na ang kanyang pakiramdam. Hindi na parang sinusunog ang katawan niya o kaya naman ay napakalamig.

Iginalaw niya ang ulo at napakurap sa lalaking nahihimbing sa isang upuan. Nakaunan ang ulo nito sa

nakakrus na mga brasong nakapatong naman sa tabi niya sa kama. Sa ilaw ng kandila, para itong romantic hero sa isa sa mga Regency Historical romance novels na kinaaadikan niya. Iyong earl o duke ng 1820's London.

Classical ang features ng lalaki, makisig kahit tulog. Maanggulo ang mukha nito, matangos at tuwid ang ilong, mas manipis ang pang-itaas na labi kaysa sa pang-ibaba. Sa malamlam na ilaw, kita rin ni Ava na madilim na ang mga pisngi at panga nito sa stubbles. Kahit lalaking-lalaki ang mukha nito, ginawa pa rin itong "maganda" ng makapal at mahaba nitong mga pilikmata na nakadantay sa mga pisngi nito dala ng pagkakapikit.

Parang na-rewind ang mga pangyayari sa isip ni Ava. Naalala niyang pinupunasan nito ang mukha niya. Hanggang ngayon nga ay nadarama niya sa noo ang isang malamig na bimpo. Ito rin ang nagpainom sa kanya ng sabaw kanina noong may araw pa sa labas. At ito rin ang naaalala niyang nagligtas sa kanya mula sa dagat.

Napabuntong-hininga ang dalaga. Iyon ang drawback ng nalunod. Kung guwapo ang sumagip sa iyo, hindi mo maalalang na-mouth-to-mouth ka niya dahil wala kang malay.

Nakita niyang kumilos ang mga mata nito sa ilalim ng mga talukap niyon, bago ito huminga nang malalim at nagsimulang kumilos. Kinagat ni Ava ang pang-ibabang labi habang hinihintay na gumising ang lalaki.

At nang magmulat ito ng mga mata, parang bumangga sa pader ang puso niya. Huminto iyon sa pagtibok, saglit na sumipa bago muling tumakbo na para

bang kasali sa 100-meter dash.

He had the most beautiful eyes she had ever seen in a man, in anyone. Nagtama ang kanilang mga paningin at agad na nag-angat ito ng ulo.

"Gising ka na," sabi nito na tila ba hindi makapaniwala bago inulit ang mga kataga na mas masaya na ang tinig. Inabot nito ang basang bimpo na nasa noo niya bago idinantay ang kamay nito sa kanyang balat. "Medyo mainit ka pa rin pero hindi na tulad nitong nakaraan."

Ibinalik nito ang bimpo sa palanggana sa mesa sa tabi ng kama. "Nagugutom ka ba? Nauuhaw?"

"Uhaw," sabi ni Ava at nagulat siya dahil basag ang tinig niya at masakit ang lalamunan. "Pahingi po ng tubig."

Tumayo ito at tumalikod sa kanya para lumabas sa maliit na silid. Sinundan ito ng tingin ni Ava. Maskulado ang pangangatawan ng lalaki na halata sa suot na puting T-shirt at cargo shorts. Pati pang-upo nito ay parang maskulado.

May sakit siya, okay? Hindi pa siya patay. Saka na siya hihinto sa pagtingin sa machong nilalang kapag na-cremate na siya at naisaboy na sa dagat ang abo niya.

Nang bumalik ang lalaki, may hawak na itong isang kulay neon green na plastic na pitsel at isang baso.

"Ah, tutulungan kitang maupo, ha," sabi nito nang maibaba ang pitsel at baso sa mesita sa tabi ng kama niya.

Nagsimula siyang bumangon at ipinailalim ng lalaki ang isang braso sa likod ng kanyang mga balikat upang

alalayan siya. Inayos nito ang unan para makasandal siya. Iyon lang ang ginawa ni Ava, pero parang napagod siya nang bonggang-bongga.

Ipinagsalin siya ng tubig ng lalaki bago iyon inilapit sa kanyang mga labi. Gusto niyang ubusin ang laman niyon kaya lang masakit ang lalamunan niya. At nang hindi na niya kayang uminom, inilayo niya ang sarili at umiling.

"Thank you," bulong ni Ava nang muling makasandal sa mga unan. Hinintay niyang maibalik ng lalaki ang baso sa mesita at bumaling sa kanya bago siya muling nagsalita. "Thank you po sa lahat-lahat."

Tipid itong ngumiti. Kaunti lang. Pero grabe ang impact niyon sa puso ni Ava.

"Mas maayos na ba ang pakiramdam mo?"

"Medyo po," sagot niya. "Nasaan ako?"

Naupong muli ang lalaki sa silya sa gilid ng kama niya. "Nasa Apo Island ka. Sa Negros Oriental."

Gustong tumaas ng mga kilay ni Ava pero masyado iyong mahirap para sa kanya. Parang nilagyan ng barbel ang mga talukap niya.

"Negros Oriental? Sa Visayas?"

"Oo. Ano'ng nangyari sa 'yo?" tanong muli ng lalaki.

"Kidnap," sabi ni Ava na nagsisimula nang pumikit. Ayaw niyang matulog ulit. Pakiramdam niya ten years na siyang tulog. "Ibibigay nila 'ko… sa boss nila. Sex… slave."

Naramdaman niya ang palad ng lalaki sa kanyang noo, humahaplos sa kanyang balat, sa kanyang buhok, mas lalo siyang pinapatulog.

"Magpahinga ka na muna," sabi nito. "Bukas na tayo mag-usap."

"Pangalan mo?" bulong niya.

"Simon," sagot ng guwapo niyang tagapagligtas. "Ikaw? Ano'ng pangalan mo?"

"Ava." Muli niyang naramdaman ang braso nito na umalalay sa likod niya bago siya muling tuluyang napahiga. Nadama rin niya ang kumot na tumabing sa kanyang mga balikat.

"Matulog ka na ulit, Ava."

"Dito ka lang?" Muli niyang nadama ang haplos ng kamay nito sa buhok niya.

"Oo, dito lang ako."

*Simon… Simon…*

Nang tuluyan nang makatulog si Ava, hindi na siya muling nanaginip.

Umalis ng kubo si Simon kinabukasan nang dumating si Nanay Lottie. Umuwi siya sa bahay para maligo, magbihis at pumasok sa *opisina*. Actually, ang opisina nila ni Natasha ay dalawang magkatapat na mesa sa isang maliit na silid sa isang mababang building malapit sa dagat.

Ang nadatnan niya ay ang mensaheng iniwan ni Natasha—patunay na galing na ito roon—na nagsasabing ito na ang kukuha sa unang shift ng pagroronda sa isla. Nag-iwan din ito ng isang hindi pa bukas na pakete ng 3-in-1 na kape sa tabi ng tasa niya sa mesa.

Tinimpla ni Simon ang kape at nagsimulang

magbasa ng mga reports nila. Hindi niya alam kung bakit pa siya nag-aaabalang gumawa ng report, wala namang nangyayari sa isla.

Mapuwera ngayon. Nakadama ng kirot sa konsyensya si Simon dahil ikatlong araw na nilang itinatago si Ava.

Napatingin siya sa bintana kung saan tanaw ang dagat. Gising na kaya ang babae? Parang gusto niyang bumalik sa kubo para tingnan kung gising na nga ito at alamin kung magana na itong nakakakain. Gusto niya itong kausapin.

Bilang pulis, siyempre. Marami siyang gustong itanong dito. Tulad na lang ng kung ano ang ginagawa nito sa Negros samantalang tila hindi alam na nasa Negros pala ito, kung bakit palutang-lutang ito sa dagat nang matagpuan nila, kung bakit may mga marka ito ng karayom sa braso.

Kung may boyfriend ba ito?

Napakurap si Simon.

*Siyempre kailangan mong malaman 'yun! Saan ka ba magsisimula maghanap ng mga suspects, di ba doon sa mga pinakamalalapit sa mga biktima?*

May kumatok sa pinto at nag-angat ng tingin si Simon. Isang lalaking naka-dark blue na uniporme ng *Philippine Coast Guard* ang nakatayo roon.

"Good morning, Sir!" masayang bati ni Lt. Gerald Cuenca bago lumibot ang mga mata sa silid, halatang hinahanap si Natasha.

Tulad ng hanay ng kapulisan sa isla, dadalawang miyembro lang din ng *PCG* ang naka-assign sa *Coast*

*Guard* outpost sa Malatapay, sa kabilang ibayo lang ng dagat.

Sa kanilang apat, si Simon ang pinakamatanda sa edad na twenty-eight. Hindi niya alam kung bakit pero pakiramdam niya, kapag kausap niya si Gerald o ang partner nitong si Peter, ay may kausap siyang miyembro ng *One Direction* sa edad ng mga ito.

"Wala rito si Nat."

Hindi natinag ang binata. Ngumisi lang ito sa kanya. "Eh, hindi naman siya ang pakay ko, Sir," sabi ng tinyente. "Kayo ang ipinunta ko rito."

Pumasok ito sa opisina at naupo sa silya sa tapat ng kanyang mesa. Tinitigan lang niya si Gerald na salubong ang mga kilay.

"May nag-report po kasi sa 'min na may posibleng biktima raw ng pagkalunod sa area na 'to," sabi nito.

Nanatiling walang ekspresyon ang mukha ni Simon pero bumilis ang tibok ng puso niya. Iniabot nito sa kanya ang isang folder at binuklat niya iyon. Mukha ni Ava ang una niyang nakita.

"Unang sinabi na baka raw sa Malatapay makita 'yang babae. Kaya lang baka nga raw magawi dito sa Apo Island. Girlfriend daw ng isang negosyante. Confidential daw, Sir, kasi ayaw pa yatang ipabalita na nawawala nga 'yang si Miss Angeles."

"Sino'ng nagpapahanap?" tanong ni Simon habang binabasa ang profile ng dalaga.

"Nonito Llamares daw, Sir," sagot ni Gerald. "May shipping business yata. Hindi ko nga kilala, eh. Pero may-ari raw 'yan ng *Xandria*, yate na dinala sa

Dumaguete galing Maynila."

Nakilala ni Simon ang pangalan.

*Xandria* ang nakasulat sa life vest na suot ni Ava nang mapadpad ito sa isla.

Muling impit na umingit ang konsyensya niya pero tiningnan niya nang derecho sa mga mata si Gerald nang magsinungaling siya rito.

"Wala namang napapadpad dito na babae," aniya. "Ano ba ang aasahan natin? Sa tingin ba nila buhay pa ito?"

"Umaasa sila na buhay pa, Sir," sabi ng tinyente pero kunot ang noo nito. "Pero, Sir, iba ang pakiramdam ko, eh. Sabi ko nga, hindi pamilyar sa 'kin 'yung pangalan ng may-ari ng yate. Hindi naman sa kilala ko lahat ng may-ari ng yate sa Pilipinas, pero kung businessman na may ganitong klaseng kapit sa *PNP* sa Dauin, medyo bigatin ito. Wala lang talaga kaming mahanap ni Pete na impormasyon tungkol sa isang Nonito Llamares."

"May kapit sa *PNP*?" ulit ni Simon. Bata pa itong si *Justin Bieber* pero matalino, at hindi matatawaran ang instincts nito bilang alagad ng batas.

Tumango si Lt. Cuenca. "Priority 'yan, Sir, eh. 'Yung police chief mismo ang nag-endorso."

Muling tumungo si Simon sa mga papel. Hindi naman kakaiba na may mga kasong nagiging priority ng mga pulis. Kadalasan, depende iyon kung gaano kasikat ang isang kaso, o iyon na nga, kung gaano kalakas ang kapit ng may kaso sa *PNP*.

Isa iyon sa mga hindi gusto ni Simon sa trabaho. Buti na lang talaga, *Special Action Force* siya at bihirang

humarap sa mga ganoong klase ng kaso, kung saan talamak ang palakasan at katiwalian.

"Sige, titingnan ko na lang. Wala pa namang nagre-report kung may natagpuan silang katawan o ano. Ititimbre ko na lang sa inyo."

"Sige, Sir, thank you," sabi ng batang tinyente.

Nang makaalis si Gerald, kunot-noong binasa ni Simon ang file.

*Ava Angeles.*

Ang sabi ng babae kagabi, na-kidnap ito. Sinabi rin nito na may gustong pumatay rito. Bilang lalaki, gusto niyang maniwala rito dahil maganda itong babae, mukhang takot na takot at mukhang walang kalaban-laban. Pero bilang pulis, alam din niyang minsan, mas malupit pang kalaban ang mga babae.

Nag-iwan siya ng mensahe sa mesa ni Natasha para ipaalam dito kung nasaan siya—sa *Lighthouse Trek*—titingnan niya ang mga nagha-hike paakyat sa lighthouse. Sana gising na si Ava. Kailangang-kailangan na niya itong makausap.

# 3

Nanginginig ang mga tuhod ni Ava nang sa wakas ay makabalik siya sa higaan mula sa banyo.

"Salamat po, Nanay Lottie," sabi niya nang muling makaupo. Bagong-palit na ang kubrekama niya pati ang mga punda ng unan. Basa na kasi ang mga iyon sa pawis at hindi na raw makabubuti sa kanya lalo na at may sakit siya.

Normal naman na ang init ng balat at katawan ni Ava. Nanghihina na lang siya at mabilis mapagod. Heto nga at nagbanyo lang siya at nagsepilyo pero pakiramdam niya ay naglangoy siya ulit para makarating sa Apo Island.

"Walang anuman," nakangiting sagot ng matanda. Tinulungan siya nitong makasandal sa kama bago naglagay ng isang tray table sa kandungan niya. "Kumain ka nitong bulalo. Pampalakas ng tuhod. Hindi muna kita bibigyan ng kanin, ha. Sabaw-sabaw ka lang muna."

Tumungo sa mangkok ng bulalo si Ava at hindi niya alam kung bakit humapdi sa mga luha ang mga mata niya. Siguro dahil sa kabaitan ni Nanay Lottie. Ilang araw rin siyang hindi nakadama ng kabaitan nang manatili siya sa kamay ng mga hayup na iyon sa yate. Pero ngayon, heto ang asawa ng isang mangingisda, nagluto pa ng bulalo para sa kanya dahil may sakit siya.

"Akala namin hindi ka na gigising," sabi nito habang nagtutupi ng mga marurumi. "Ayaw ka namang dalhin ni Simon sa ospital. Nangako raw siya." Sinulyapan siya ng matanda, mapagmatyag ang mga mata. "Hindi ka naman masamang-loob, di ba?"

"Naku, hindi po," paniniguro niya bago muling tumungo sa bulalo. "Iyon nga lang po, wala akong magagawa ngayon para patunayan iyon. Kahit siguro masamang-loob ako, 'yun din naman ang sasabihin ko."

Tumawa si Nanay Lottie. "Wala naman sa hitsura mo na kriminal ka," sabi nito na may tiwala sa tinig. "Hindi ka mukhang haragan. Ang liit-liit mo. Ang payat mo pa. Kailangan mong kumain nang marami para naman magkalaman ka."

*Salamat sa pagpapaalala sa 'kin, 'Nay, na wala akong boobs.*

"Pero alam mo, buti talaga at nakita ka ni Simon. Kasi kung hindi, kahit may life jacket ka, baka patay ka na ngayon. O baka inanod ka na sa kung saan."

Nanghilakbot si Ava nang maalala ang gabing iyon, ang walang-humpay na hampas ng mga alon, ang tila hindi mapaglagusang dilim, at ang lamig. Susmaryosep, ang lamig! Inabot ni Ava ang kutsara at humigop ng mainit na sabaw para mapugnaw ang lamig na iyon na tila ba nasa mga buto pa rin niya.

Hindi talaga niya alam kung paano magpapasalamat kay Simon.

*Simon. Simon*. Inulit niya sa isip ang pangalan nito. Ngayon lang niya na-appreciate ang pangalang Simon.

Nag-angat siya ng ulo nang may kumatok sa pinto sa labas ng kanyang silid at nakita niyang napangiti si Nanay Lottie.

“Gising na ang pasyente natin,” sabi nito nang bumukas ang pinto.

“Gan’un po ba?” sagot ng isang napaka-sexy at malalim na baritone.

At hayun, hindi na pala niya kailangan ng sabaw. Boses lang ni Simon, parang lalagnatin na siya ulit. Nang sumilip ito sa pintuan ng silid niya, hindi niya napigilan ang ngiti.

Ang guwapo lang talaga nito. Mukhang action star sa simula ng isang pelikula bago ang mga barilan at putukan kasi mukha itong malinis at mabango. Ngumiti rin si Simon. Pumasok ito sa silid at naupo sa upuan sa tabi ng kama na binakante ng tumayong si Nanay Lottie.

“Paano? Ikaw na muna ang bahala sa kanya, Simon, ha,” anang matandang babae na nasa pintuan na. Bitbit nito ang maruruming punda at bedcover, pati na ang mga pinagbihisan niya.

Tumango si Simon sa matanda. “Sige po, ’Nay. Ingat po kayo sa pagbaba.”

Ngumiti ang matanda at inilapat ang pinto pagkalabas nito.

“Wala ka nang lagnat?” tanong ni Simon sa kanya nang mapag-isa sila.

“Wala na.” *Sige, check mo pa ’yung noo o leeg ko. Ng lips mo, ha!*

“Buti naman.”

Napansin niya ang hawak nitong folder at nakita ng lalaki na doon siya nakatingin. Ibinaba nito ang folder sa sidetable.

“Okay na bang kausapin kita tungkol sa nangyari sa ’yo, Ava?”

Tumango siya.

“P’wede mo bang ikuwento sa ‘kin?”

Huminga siya nang malalim, at nagsimulang magkuwento. “Ihahatid ko dapat ’yung kaibigan ko, si Doray, sa *NAIA* para sa flight niya… kailan ba ’yun? Ano’ng araw na ba ngayon?”

Ibinigay ni Simon ang petsa at nagulat siya. “Noong isang linggo pa pala ’yun. Anyway, alas tres pa ang flight niya nang tumawag ’yung agency. Papasok kasi siyang domestic helper sa Hong Kong. May kailangan pa raw kasi siyang kunin sa opisina kaya maaga kaming umalis.

“Paliko kami ng *Kalayaan Avenue* sa *C5* nang biglang nagpreno ’yung kotse sa unahan ko, so nabangga ko ’yung bumper niya sa likod. Lumiko kami ’tapos huminto malayo sa kanto para hindi kami makasagabal sa traffic. Babae ’yung bumaba ng kotse sa unahan. Bumaba rin ako para tingnan ’yung damage. Naiwan sa kotse si Doray. May bumaba ulit na isa pa galing d’un sa kotse n’ung babae, ’tapos ang alam ko na lang, hinawakan ako n’ung lalaki. Hinila niya ako sa kotse at may tinarak sa braso ko.”

Iniusli niya ang braso at hinila pataas ang manggas ng suot niyang higanteng T-shirt. Hindi niya alam kung kanino iyon, pero noon lang din niya nagustuhan ang

malaking damit.

Hindi lang iisa ang tarak ng karayom sa tupi ng braso niya. Doon siya lagi binibigyan ng ineksyon ng kung sino man iyon na kasamang nangidnap sa kanya.

Tumungo roon si Simon at idinantay ang mga daliri sa kanyang braso. Ang init ng balat nito. Lalagnatin na siya talaga ulit.

"Nanlaban ako pero mabilis akong nanghina. Nilingon ko si Doray at nakitang bumaba siya ng sasakyan, pero may isa pang lalaking nagtulak sa kanya pabalik sa loob. Hindi ko alam kung sinundan kami ng ibang kotse pero nakaupo na ako sa likuran ng kotseng nabangga ko. Pagkatapos n'un, kaunti na lang ang naaalala ko."

Hindi niya alam kung gaano katagal siyang walang malay o kung ano ang nangyari sa kanya habang wala siyang malay. Una siyang nagising, nasa trunk siya ng isang kotse pero agad ding pinatulog nang marinig ng mga salarin na nagising na siya. Nang sunod na magising siya, pinainom siya ng isang lalaki at pinakain. Pinilit na lang siya nito kasi antok na antok pa siya.

Sunod na beses, nagising siyang nakahiga sa sahig ng isang maliit na eroplano. May isa pang pagkakataon na tuluyan siyang nagkamalay at nanlaban siya habang nasa isang sasakyan. Muntik na siyang makatakas pero mabilis siyang napigil ng mga kidnappers. Nang magising siyang muli, nasa yate na siya, hinihintay ang boss ng mga walanghiya.

"Nagsuot ako ng life vest at bumaba sa gilid n'ung

yate, 'tapos nilangoy ko hanggang sa kaya ko." Maliit siyang napangiti. "Mukhang hindi ko inabot 'yung isla."

Nagulat siya nang humaplos sa balat niya ang hinlalaki ni Simon na nasa braso pa rin pala niya. "N'ung makita kita, siguro mga twenty feet ka na lang mula sa pampang. Sa 'kin, umabot ka na n'un."

"Malayo pa rin 'yung twenty feet," mahina niyang saad. Dumadagundong ang puso niya habang nakatingin sa mga mata ni Simon. "Kung hindi mo ako nakita, inanod na lang siguro ako na wala nang buhay."

"Hindi ka lang naman sa yate nakatakas, Ava. Natakasan mo rin ang possible human trafficking, sex slavery at rape. 'Yung twenty feet mula sa pampang, maniwala ka sa 'kin, umabot ka na n'un."

Muling humapdi ang mga mata ni Ava. Ilang araw na rin kasi niyang pakiramdam na biktima siya. Ngayon, parang heroine na siya ng sarili niyang romantic suspense novel dahil sa sinabi ni Simon.

Binawi nito ang kamay at kinuha ang folder. Biglang nanlamig ulit ang pakiramdam ni Ava. Parang giniginaw na naman siya ngayong wala na ang hawak nito.

"Alam mo ba kung sino ang may-ari ng yate? O may nabanggit ba silang pangalan doon?"

Umiling siya. "Wala. Laging si 'Boss' o si 'Sir' lang ang sinasabi nila. May isang goon na Rex ang pangalan pero napakadami naman sigurong mga goons na Rex ang pangalan, di ba?"

Napangiti si Simon. "May kilala ka bang Nonito Llamares?" muli nitong tanong.

Muling umiling si Ava pero nakadama siya ng panlalamig na iba sa panlalamig na nadama niya nang mawala ang kamay ng lalaki sa braso niya. May kasama na iyong takot.

"May naghahanap na ba sa 'kin?"

"May naghahanap sa 'yo sa Malatapay," anito.

Inabot niya ang braso ni Simon. "Hindi ko siya kilala. At hindi ako hahanapin sa Malatapay ng mga kamag-anak ko. Hindi nila alam na nandito ako."

"Isa pa 'yun," saad nito. "Gusto mo bang tawagan na natin ang mga kamag-anak mo?"

Pinagmasdan niya ang lalaki. May tiwala siya rito, hindi niya alam kung bakit. Siguro dahil wala siyang choice at walang ibang mapagkakatiwalaan. Isa pa, ito ang nagligtas ng buhay niya. Kung sa sarili lang niya, papayag siyang ilagay ang buhay sa mga kamay nito. Pero kapag pinatawagan na niya ang pamilya niya, si Tito Franklin, si Tita Veronica, si Cheska… handa ba siyang ipagkatiwala rito ang mga buhay nila? Lalo na at sigurado na niyang makapangyarihan ang kung sino mang nagpadukot sa kanya?

"Sino ka ba, Simon?" mahina niyang tanong. "Kailangan kong malaman na puwede akong magtiwala sa 'yo. Sabihin mo sa 'kin kung sino ka."

Pinagmasdan siya nito at naisip ni Ava kung manghihingi ba siya ng paumanhin. Nainsulto ba niya ito?

Inabot nito ang kamay niya at pinisil ang palad niya. "I'm Captain Simon Hidalgo," anito na mababa

ang tinig. "I'm with the *Philippine National Police Special Action Force.* Isa ako sa dalawang pulis na naka-assign sa islang 'to. For all it's worth, mabuti akong pulis. Nangako akong aalagaan kita, at gagawin ko 'yun. Pero maiintindihan ko kung hindi ka kaagad magtitiwala sa 'kin."

There was something in his voice, in his eyes. At sa mga sandaling iyon, hindi lang tiwala ang gustong ibigay ni Ava rito.

*Pati puri*… este, puso.

Tumango siya. "Paki-contact mo si Franklin Prieto. Uncle ko siya."

Ibinigay niya rito ang phone number sa bahay ng mga Prieto at sa opisina ng kanyang uncle sa Maynila.

Tumango si Simon. "Kumain ka na. Malamig na yata 'yang bulalo."

Tahimik lang itong nanatili sa tabi niya habang kumakain siya. Hindi niya naubos ang laman ng mangkok. Ito na ang nagligpit ng pinagkainan niya bago siya tinulungang makahiga.

"Magpahinga ka na muna. Babalik ako mamaya para tingnan ka. Tatawagan ko na rin ang uncle mo."

Tumango siya at pinanood ang pag-alis ni Simon. Gusto niya itong tawagin pabalik. Parang ayaw na niyang umalis o lumayo ito.

Hindi clingy si Ava sa dati niyang nobyo. Sa katunayan, siya pa ang emotionally unavailable. Isang beses pa lang siyang na-in love, o akala niya ay na-in love, at medyo palpak pa. Pero kay Captain Hidalgo,

parang gusto niyang nakaposas siya sa pupulsuhan nito.

Ayaw naman niyang maniwala na in love na siya sa guwapong pulis. Ilang araw pa lang niya itong kilala at sa loob ng mga araw na iyon, ilang oras lang naman siyang may malay. Hindi siya naniniwalang puwedeng ma-in love nang ganoon na lang. O kung mangyari man, hindi siya naniniwalang totoong love ang nararamdaman sa mga ganoong sitwasyon.

Gayunpaman, sayang pa rin. Guwapo si Sir Hidalgo. At makisig na, may pagkabayani pa. Wala namang masama kung may matindi siyang crush dito.